

# Prologue: Sino

## King David's POV

*“David, hindi ganyan. Hindi lahat ay nadadaan sa init ng ulo. Ngumiti ka. Huminga ka nang malalim at isipin mo ang lahat ng magagandang bagay sa buhay. Alam mo, ikaw ang isa sa pinakamagandang nangyari sa buhay ko. Mahal na mahal kita.”*

*Wala na akong ina. Namatay siya sa isang ambush halos tatlong taon na ang nakakaraan. Hindi ko nga masyadong maalala ang pagkawala niya. Basta dumating si Papa sa bahay na mugto ang mga mata. Naglalaro ako noon ng Game Boy nang umupo siya sa tabi ko at bigla na lang niya akong yakapin. Hindi ko maintindihan.*

*Trece años ako noon, wala pa akong masyadong muwang sa mundo. Ang alam ko lang ay masarap ang buhay, mayaman kami, kaya kong bilhin ang lahat ng gusto ko.*

*Lalong sumaya iyon nang dumating sa buhay namin ni Mama si Axel John. Para akong nagkaroon ng kapatid at nakita kong napakasaya ni Mama.*

*Ang sumunod na nangyari ay dinala ako ni Papa sa ospital kung nasaan si Mama ko. Hindi ko pa rin maintindihan ang nagaganap. Kasunod kong naglalakad*

si Axel John. Dama ko ang lungkot niya. Quince años na siya noon at sa tingin ko ay mas alam niya ang nangyayari kaysa sa akin.

“Pumasok ka sa loob, David. Hinahanap ka ng mama mo,” mahinang wika ni Papa sa akin. Tumingin ako sa kanya pagkatapos ay binalingan ko si Axel John.

“Sama ka, AJ.” Hinatak ko siya.

Ang alam ko, ayokong mag-isa. Komportable ako kapag kasama si Axel John. Anak na rin naman ang turing sa kanya ng mga magulang ko.

Pumasok kami sa loob. Doon nakita ko si Mama na nakahiga sa kama at natutulog. Kakaiba ang kanyang hitsura sa ngayon. Maputla siya at hindi gumagalaro. Ngunit kahit ganoon ay nababakas pa rin ang kagandahan niya.

“Ma...” tawag ko. Sumampa pa ako sa kama niya at hinaplos ang kanyang braso. “Mama...” Niyuyugyog ko iyon para maramdaman niya ako.

“David...” mahinang tawag niya sa akin. “Nandito ka na...” Bahagya siyang ngumiti. “Anak, sorry...”

“Para saan? Ano ba’ng nangyari? S’abi ni Pa, hinahanap mo ako. Ano’ng sakit mo? Saka kailan ba ako papatuli?” tanong ko. Palagi kasi siyang nangangako na sasamahan niya akong magpatuli, ang sinabi ni Axel sa akin ay kailangan ko na daro garwin iyon sa lalong madaling panahon dahil baka kumunat na nang husto ang balat ko doon.

*Mama smiled. Inabot niya ang kamay ni Axel John. Nagmamasid lang ako sa kanila.*

*“Ikaᗪ ang mag-aalaga sa kanya, Axel. ‘Wag na ‘wag mong iiwan si David. He needs you. You’re his brother now. Take care of him,”* wika niya. *“Take care of him...”*

*Kumunot ang noo ko nang bigla na lang bumitaw si Mama sa braso ni Axel. Axel John cried. Napatingin ako sa kanya, naalarma. Bigla na lang akong nilukuban ng kalungkutan.*

*“Ma... Ma... Ma!”*

*Tinataᗪwag ko siya pero hindi na siya sumasagot sa akin. Wala na si Mama! Tumingin ako kay Axel John na umiiyak din. Nilapitan ko siya at niyakap. Umiiyak na rin ako. Hindi ko maintindihan kung bakit sa dami ng masamang tao sa mundo ay si Mama pa ang kukunin sa akin.*

# Royal #1



## Mariella's POV

*Napangitiwi ako. Nagising ako sa sakit na nararamdaman ko. Ang hindi ko maintindihan ay araw-araw naman akong halos gumigising sa umaga, ngunit naging napakakakaiba ng araw na iyon. May masakit sa akin. Napakagat-labi pa ako. Ang sakit-sakit ng puso ko! Nagmulat ako ng mga mata. Bumungad sa akin ang pamilyar na kulay ng silid ko at ang mga kurtina sa aking bintana. Nilalamig ako. Malakas yata kasi masyado ang air-con ko. Pilit kong kinakapa ang remote sa gilid ko, pero hindi ko naman iyon makita.*

Mariella Del Mundo Figueroa, ano na naman ba ang pinasok mo?

*I bit my lower lip harder. Ang sakit ng pepe ko. Sobra. Naisip ko na baka dinatnan ako habang ako ay natutulog kaya ngayon ay inaatake ako ng dysmenorrhea. Ganoon kasi ako turwing may mens ako. Napakasakit. I sat up. Nang maupo ako at sumandal sa headboard ng kama ay doon ko namalayan na wala pala akong kahit anong saplot sa katawan kundi ang quilt na ginawa ng lola ko noong buhay pa siya.*

*Inalala ko kung paanong nakatulog ako nang hubad.*

*Lasing ba ako? Hindi ko matandaan. Ngumiwi ako. Malamang kaya hindi ko matandaan ay dahil lasing nga ako kagabi.*

*Bumaba ang kumot na nakatakip sa katawan ko. Agad akong napatingin sa bedsheet ng kama na may kulay pula sa gitna. Napangiwi ako lalo. May mens nga ako. Wrong timing, may outing pa naman kami ng mga kagrupa ko bukas. Mukhang hindi pa yata ako makakapag-swimming.*

*Pinilit kong tumayo mula sa kama at naglakad, kahit paika-ika patungo sa banyo. Hindi na ako nag-abalang magbibis pa. Wala namang papasok sa bahay ko. Wala na ang mga magulang ko; nasa States sila kasama ng mga kapatid ko. I have three other sisters at hindi katulad ng ibang magkakapatid, wala kaming sibling rivalry. Iyon kasi ang perks ng halos walong taon naming age gap. Ako ang pangatlo sa magkakapatid. Eighteen na ako, ang bunso kong kapatid ay ten years old pa lang, si Ditse Karen ay twenty-six samantalang ang panganay namin na si Ate Rochelle ay thirty-four na.*

*Sa Las Vegas na sila naka-base labat. My eldest sister was the manager of a very high class casino in Vegas, nai-petition na niya bilang family status ang buong pamilya. Ako lang ang matiyagang nag-stay sa Pilipinas dahil gusto kong dito mag-aral.*

*Pumasok ako sa bathroom ko at sumalampak sa inodoro. I let the gas out. Umaga. Natural reaction. Isa pa, humihilab*

*ang tiyan ko. I started pooping. Hindi naman nagtagal ay natapos ako at hinugasan ko ang sarili ko. I washed my hands. Pagkatapos ay umakyat ako sa baitang upang maligo, pero nang ibukas ko ang shower curtain ay nilukuban ako ng takot.*

*“P\*tang-ina!” I screamed. There was a naked man inside my bathroom! He was taking a bath and his thing was pointing to the sky! It’s big and—“Ahh! May titi!”*

*“Anong titi? Ano ako, bata!” balik-sigaw niya. “Say it, bur—”*

*“Shut the f\*ck up!” sigaw ko. Lumabas ako ng bathroom pagkatapos ay nagbihis ako. Hindi ko alam ang gagawin ko. Hindi ako mapakali. Hindi ko maintindihan. Bakit may lalaki sa loob ng bahay ko? Bakit siya hubad? Ano ang problema niya? Sino siya?*

*Suddenly, I remembered the bloodstain in my bed.*

*Was I forced?*

*Napangiwi ako dahil sa sakit ng pepe ko.*

*“Oh, my God!” I exclaimed. Narinig kong bumukas ang pinto ng bathroom. Lumingon ako. Nakita ko ang pink kong towel na nakabalot sa baywang niya. That was my favorite towel and he used that on his. I bit my lower lip. Nilapitan ko siya at pinagsusuntok.*

*“P\*tang-ina ka! Binaboy mo ako!” Galit na galit ako. Pinagkakalmot ko siya sa dibdib. Nagulat ako nang buhatin niya ako at ihiga sa kama. Pumatong siya sa akin.*

*“Gago ka pala! S’abi ko na nga ba! Dapat binaril na kita! Ako pa ngayon ang bumaboy sa ‘yo samantalang ikaw itong walang hinto sa kaka-BJ sa akin kagabi! Akala ko nga hindi totoong virgin ka pa, pero ikaw ang pinakamalanding virgin na nakilala ko!”*

*Natigilan ako nang mapatitig ako sa mukha niya. Kilala ko siya! Siya ang panay nagpupunta sa university para sunduin ang prof ko sa Psychology. King David Sandoval ang pangalan niya. Kilala ko siya. Actually, crush ko siya.*

*Bigla ay bumalik sa akin ang lahat ng nangyari sa amin kahapon, kagabi at hanggang sa mauwi kaming dalawa sa kama. Hindi ko pala siya dapat tawaging rapist dahil ako mismo ang nagbigay sa kanya ng aking sarili. Gusto ko ang nangyari. Gusto ko ang ginawa namin. Naiintindihan ko na rin kung bakit napakasakit ng ‘down there’ ko. Iyon ay dahil sa paulit-ulit na pagsalakay niya sa kalooban ko.*

*Masakit, masarap at overwhelming ang pakiramdam niya sa loob ko. His eyes were so deep, gusto kong malunod sa kanya. Ngumiti ako.*

*“Good morning, stranger.” Sinabi ko iyon sa pinakamalandi kong tono. Ngumisi siya.*

*“Naalimpungatan ka lang ba kanina?” tanong niya. He could say that. I smiled faintly at him. Napangiwi ako nang maramdaman kong biglang pumasok sa loob ko ang alaga niya. Nasaktan ako dahil hindi pa naman ako ready. Napatitig ako sa kanya. “Can’t help it. Ikaw ang gusto kong*

*kainin ngayong umaga.” Umindayog siya. Kumembot nang kaunti pagkatapos ay sinimulan na niya ang rhythm ng sayaw na siya lang naman ang nakakarinig.*

*I closed my eyes and enjoyed his intrusion. Napakasarap. Sa pakiramdam. Nakakapangiwi ang friction.*

*Hindi lang isang beses naulit ang bagay na iyon— paulit-ulit hanggang sa nakasanayan ko na. Pero habang tumatagal din ay nakikita ko sa kanya ang pangungulila niya—hindi para sa akin kundi para sa ibang tao.*

*Wala kaming relasyon pero may relasyon kami sa kama, at sa relasyong dapat ay dalarwang tao lamang sana, ay hindi naman naganap. Kama na lang ang meron kami, ngunit sa kamang iyon ay tatlo ang tao—ako, si King David at si Arruba, ang professor ko na lagi niyang pinupuntahan sa eskuwela.*

*Noong una ay hinahayaan ko siya, pero kalaunan ay nagiging manipis ako. Gusto kong pangalan ko naman ang sambitin niya, pero sa tuwina ay Arruba siya nang Arruba. Hindi na lang ako kumikibo. Hindi ko hahayaan na masaktan niya ako. Hindi ko nga alam kung bakit ako nasasaktan pagkatapos ay naisip ko, nasasaktan ako dahil mahal ko siya. Hindi naman kasi masasaktan ang isang tao kung walang halaga sa kanya ang isang bagay. Mahalaga para sa akin si David, at iyon ang dahilan kung bakit ako nasasaktan sa tuwing si Arruba ang sinasambit niya.*

*Taon ang lumipas sa katangahan ko. Iyong ilang araw*



*at inakala kong madalian ay tumagal nang dalawang taon. Natuto na akong makipaglaro kay David. Natutuhan kong itago ang nararamdaman ko, natutuhan kong makipaglaro sa iba. Habang may nangyayari sa amin ay may nangyayari rin sa amin ng mga nagiging boyfriend ko—mas madalas pa rin ang kay David, pero ipinapakita kong hindi lang siya ang lalaki sa buhay ko.*

*Mahal naman ako ng mga lalaking nakakasama ko, pero palaging hindi sapat iyon para sa akin. Palagi ko silang iniiwan. Inaamin kong may hinahanap talaga ako sa kanila. Nagagawa nilang tagagin ang pangalan ko sa tuwing nakikipag-sex ako sa kanila, pero bakit si King David pa rin ang hanap ko?*

*Pinanindigan ko ang pagpapakatanga sa kanya. Habang parang hilong talilong siya kay Arruba, ako naman ay habol nang habol sa kanya. Kapag nasasaktan siya kay Arruba, palagi ko siyang sinasalo. Ako ang safety net, pero ako rin ang palaging naiiwan. Ako ang nagmamahal kaya lang ako pa rin ang panay nasasaktan lamang.*

*Hanggang sa isang araw... dumating ang hindi ko inaasahan. Nabuntis ako at alam kong si David ang ama. Nangyari iyon, dalawang buwan matapos ng gabing umiyak siya sa akin dahil sumama si Arruba kay Azul sa Bahamas. May naganap sa amin, matindi—hard f\*cking, mind-blowing sex that lasted for hours. And two months later, through the pregnancy test kit, I got two lines.*

*Buntis ako. Buntis ako...*

*Si King David ang ama.*

*Napakasaya ko nang araw na iyon pagkat buntis ako at may posibilidad na mapasa 'kin ang pagmamahal niya dahil sa magiging anak naming dalawa. Agad ko siyang pinuntahan noon sa bahay. Double celebration iyon dahil twenty-first birthday ko pagkatapos buntis ako. Sigurado akong matutuwa si King David.*

*Pumunta ako sa bahay niya. May susi ako ng pad niya. Binuksan ko ang pinto, pero nagulat ako nang makita ko si King David na palabas naman ng bahay niya at may dalang maleta.*

*"O, Yella, nandito ka pala. Hindi na kita napuntahan. Tumawag si Arruba, kailangan niya ako sa France. May conference kasi doon, wala siyang kasama, my baby needs me." He smiled happily.*

*Napahawak na lang ako sa sikmura ko. He was saying that his baby needed him? What about the baby inside my womb?*

*Nilagpasan niya ako. "I'll see you when I get back. 'Bye for now."*

*Napalunok ako.*

*I sighed. Sino ba ang niloloko ko? Sarili ko lang. Clearly, may ibang gusto si King David sa buhay at hindi ako kasama sa planong iyon. Isinara ko ang bahay niya at muli akong sumakay sa aking kotse. I was broken. My heart was*

*broken. Ngayon ay malinao na sa akin kung gaano ako kawalang lugar sa buhay ng lalaking pinag-alayan ko ng lahat ng kaya kong ialay.*

*Ang malas naman! Magmamahal na nga lang ako, iyong lalaking wala pang pakialam. Buntis ako pero hindi ko na nasabi. Hindi niya nalaman dahil wala siyang ibang alam kundi si Arruba. Sa tatlong taong magkasama kami, pulos Arruba ang naririnig ko.*

*“P\*tang-ina mo, Arruba!” sigaw ko sa langit. Iyak lang ako nang iyak noon. Umuwi ako sa bahay at pilit na kinakalma ang sarili ko. Maghahintay ba ako kay King David? Siguro ay pwede ko naman nang sabihin sa kanya iyon sa oras na umuwi na siya. Iyon na lang muna ang plano ko sa ngayon.*

*Dalawang buwan akong naghintay pa. Halos mag-aapat na buwan na ang tiyan ko. Hindi ako nagpapa-checkup. Wala akong balak. Gusto ko sana ay kasama si David. Nang araw na iyon ay nagpunta ako sa mall, sa baby’s section at hindi ko alam kung anong meron sa pink na medyas at iniyakan ko iyon.*

*Ni-shoplift ko ang medyas pagkatapos ay lumabas ako ng store. Naglalakad ako nang matigilan ako. Napatingin kasi ako sa gawi ng skating rink sa gilid ko. At hinding-hindi ako nagkakamali. Nakita ko si King David kasama si Arruba at masaya silang dalawa. Ang walanghiya, nakabalik na pala galing France ang gunggong, hindi man*

lang siya nagpapakita sa akin. Sinundan ko sila at nang magpaalam na mag-CR si Arruba ay saka ako lumapit sa kanya.

Pinagbahampas ko siya. “Nakabalik ka na palang p\*tang-ina ka!” sigaw ko. Mukhang nagulat naman si King David. Iyak ako nang iyak. Bakit ko ba nararamdaman ang mga bagay na ito? Hindi ako dapat naghihirap dahil lang sa mahal ko siya. Ayoko nang maging malungkot.

“Wala ka bang nararamdaman para sa akin?” sigaw ko.

“Sa kama lang ang relasyong meron tayo. Si Arruba ang palagi kong pipiliin. Alam mo naman iyon, di ba?” parang nagtataakang tanong niya.

I shook my head. I walked out. Masyadong masakit ang nararamdaman ko. Hindi ko na nga alam kung saan ako pupunta, pero natagpuan ko ang sarili ko sa isang abortionista.

Iyak ako nang iyak habang nakaupo sa waiting area at naghihintay.

“Sorry, baby... Sorry...”



Perth, Australia. Present day...

“Will you marry me?”

Kulang ang sabihing napatanga ako nang makita ko si Scott na nakaluhod sa harapan ko habang ipinapakita sa akin ang singsing na nasa loob ng pulang velvet box. Hindi ako makapaniwala na may isang lalaki ang

darating sa buhay ko at pakakasalan ako. I cried. I cried so hard—iyong iyak-bata. Hindi ko alam kung panaginip ba ito o imahinasyon ko lang. Masyado kasing totoo; hindi ko alam kung maniniwala agad ako o uunahin ko munang gisingin ang sarili ko.

Scott was just too good to be true.

Nakilala ko siya dalawang buwan matapos kong mag-settle dito sa Australia. I met him in a bar. Surprised, I shook my head as I look at him. Iniisip ko iyong mga pinagdaanan naming dalawa sa loob ng walong buwan. Iniisip ko kung sapat na ba iyon para sumagot ako ng oo sa kanya. Iniisip ko kung sapat na ang pagmamahal ko para sa kanya upang gustuhin ko siyang makasama sa habambuhay. Iniisip ko—maraming bagay akong iniisip—pero sa lahat ng iyon, ang nanaig sa akin ay ang kagustuhan kong maging masaya.

Scott was all smiles and tears. Ngumiti naman ako. Siguro siya na ang sagot sa lahat ng dasal ko. Siguro siya na ang happiness ko. Lumuhod ako at saka niyakap siya. Hinagkan ko siya pagkatapos ay tumango ako nang dalawang beses.

“Yes, yes, yes, Scott! I will marry you!” I was very excited. Niyakap ko siya at hinalikang muli. Gusto kong maging masaya, hindi ko na palalagpasin ang pagkakataon kong ito. Ito na yata ang isa sa pinakamasayang sandali ng buhay ko.

Lumipas ang mga araw. Scott and I moved in together. The days were a blast and both a bliss. At night, we would lie together and we would plan our wedding and the rest of our lives together. After that, we would make love till dawn. It's so refreshing to finally hear my name being screamed by my partner whenever I returned the favor to him. Masarap palang mahalín.

“Honey!”

Scott loved calling me his honey and he said that he's my bee. Put them together, we have a honeybee.

“What's that, Bee?” I called out. He was in the kitchen kaya pinuntahan ko pa siya. Hinagkan ko siya. He kissed me back. Hawak niya ang phone pagkatapos ay ibinigay niya iyon sa akin.

“It's your mom. She called to ask me about the wedding details. She seemed so excited.” I smiled back. Itinapat ko ang receiver sa tainga ko.

“Hi, Mom! Scott's a bit happy today. He's very excited about marrying me!” I giggled.

“Yes, I am very excited! We will make a lot of babies!”

Hearing that froze my smile. Napatitig ako kay Scott habang naririnig ko si Mommy sa kabilang linya. Bigla ay bumalik sa akin ang mga bagay na pilit kong kinakalimutan...

Ang multo ng kahapon.

*“Push harder! Nakikita ko na ang ulo! Push!”*

*Sigaw ako nang sigaw. Kung ipi-picture siguro ang moment na ito sa buhay ko at ilalagay sa Instagram ay lalagyan ko ng caption na ugliest moment of my life. The pain was just too much! Pagod na pagod ako. But then, when I heard a little sob that turned to be the loudest cry I have ever heard in my entire life, napaiyak na rin ako. Sinubukan kong tingnan.*

*The doctor turned to me. “You have a very beautiful baby boy, Mariella.” Pagkasabi niya niyon ay nakita ko ang nurse na lumapit sa akin. Malinis na ang bata at itinabi siya sa akin. Nanginginig ang buong katawan ko sa pagod, pero hindi nawala doon ang kagustuhan kong mayakap siya. Kinuha ko ang baby ko. Baby ko. I was tearing up. He was so little. Kinuha ko ang kamay niya. Everything about him was just so little.*

*“Hi...” I greeted the little kid. “I’m Mariella. I’m your mom...” I said. I was twenty-four years old and a single mother. Wala akong kaplano-plano sa buhay. Ni hindi alam ng lalaking nakabuntis sa akin na nabuntis niya ako at may anak na kami ngayon. Nang malaman kong buntis ako ay naisip kong ipalaglag na naman ang bata tulad nang ginawa ko sa una, pero halos hindi ako makatulog. Iyak ako nang iyak noon kaya ngayon na may bata ulit na nabuo sa sinapupunan ko ay hindi ko na siya tinanggal. Binigyan ko siya ng karapatang mabuhay.*

*“I name you King Solomon...” I was so emotional... “Teka, saan ninyo siya dadalhin?” tanong ko nang kunin sa akin ng nurse ang anak ko.*

*“S nursery po,” sagot niya sa akin. Hinabol ko ng tingin ang bata. Ang sumunod naman ay ako, inilagak ako sa isang private room. Wala akong kasama. Ako lang. Hindi kasi ako nagsabi sa kahit na kanino na pupunta ako ng Aparri, Cagayan. Dito ako nanganak. Nagtago ako sa mga tao at hindi ko alam kung paano ko ipapaliwanag ang bagay na ito pagbalik ko ng siyudad.*

*Palagi nilang dinadala sa akin ang anak ko. I breastfeed him at natutuwa akong makita siyang ginagawa iyon. He was so little. Hindi niya pa naimumulat ang mga mata niya. Pakiramdam ko ay napakaswerte ko. Pakiramdam ko ay palagi niya akong kailangan. He was so helpless.*

*“Ang gwapo naman ng baby ko! Nakakainis, mana sa tatay,” nakangiting wika ko habang nakatingin sa kanya. Bukas ay lalabas na kami ng ospital. Iniisip ko pa kung ano ang mangyayari sa akin—sa aming dalawa.*

*The night before leaving the hospital, dinalaw ko si King Solomon sa nursery niya. I stood there admiring how beautiful my child was, then I heard a woman sobbing somewhere. I looked around and I saw her sitting on a lounge. Umiiyak siya habang yakap-yakap ng asawa niya.*

*“Wala na ang baby natin, wala na siya...”*

*I overheard her. Napatingin ako sa anak ko. Napatingin*



*ako sa kanila. Bigla ay nakaramdam ako ng kalungkutan. Alam kong hindi ko maaalagaan si King Solomon. No matter how I loved my child, I knew I could never take care of him. I was only twenty-four and I still had dreams—dreams that I was willing to give up for my kid. I know he deserved a better life at hindi niya makukuba iyon sa akin.*

*So I did the unthinkable. Naging napakasakit rin sa akin niyon. I requested them to keep his name. Maganda ang pangalan ng anak ko. Hiningi ko rin ang pangalan nila para kung gusto kong makita ang anak ko ay habanapin ko sila, pero nangako ako na hindi ko babawiin ang bata...*

“Marielle? Nand’yan ka pa ba?”

Bahagya pa akong nagulat nang marinig ko ang boses ni Mommy sa kabilang linya. I just sighed.

“Yes, Ma, ako na ang bahala sa property sa Batangas at sa Laguna. Uuwi ako ng Pilipinas sa lalong madaling panahon.”

“Isama mo si Scott,” suggestion ni Mommy. I looked at Scott who was so busy cooking lunch for the two of us.

“Sure, I’ll tell him, Mom. Love yah.” Ibinaba ko ang phone at saka inilapag sa counter. Niyakap ko si Scott mula sa likuran. I love doing that to him. Napaka-intimate lang.

“What did Mommy said?” biro niya pa sa akin.

“I’m going back to the Philippines, Scott. I have to

take care of something, you know family... and I want you to come with me..."

## King David's POV

"Hindi mo naman masisisi si Azul kung hanggang ngayon, ilag siya sa 'yo. Iyong ginawa mo ba naman na iyon sa relasyon niya kay Leira. Buti nga at naging maayos ang dalawa. Ikaw pa naman kasi sa lahat, David, kapatid na ang tingin noon sa 'yo."

Axel John and I were having our morning jog. Dalawa lang sana kami nang bigla naming masalubong si Ido. Madalas siyang lumilitaw ngayong nakaraang mga araw na para bang sinusundan niya kami at balak niya akong patayin. Ganoon kasi siya kapag nagmamatyag sa mga biktima niya. Ido was a very skilled assassin. Kahit ako ay natatakot sa kanya kung minsan.

"I did that for love," wika ko. I did so many things for love—my love for Arruba. Iyon lang ang dahilan ko. Mahal ko si Arruba at gusto kong ibigay sa kanya ang lahat. Tinalo ko si Azul. Tinalo ko si Leira. Hindi ko naman sinasadya, pero tinalo ko ang lahat para maibigay kay Arruba ang gusto niya, kaya lang ay walang nangyari. It was never enough for her.

Dumating sa punto na kinailangan niyang manakit and it was all my fault. Kung hindi ko siya kinunsinti,

hindi niya gagawin iyon, hindi siya mananakit. Now, Arruba was in the States and she was seeking for help. Kasama niya si Judas. Si Judas na hindi pa rin ako kinikibo. I hated myself for bringing myself down, pinagsisihan ko pero hindi ko na maibabalik ang mga bagay-bagay. All I had to do was to deal with the results of my choices. I had to live with it.

“Tama na. Ang hard masyado ng pinag-uusapan ninyo,” sabi pa ni Axel John.

Napailing na lang ako. Hindi na ako kumibo kay Ido. Salita pa rin siya nang salita habang tumatakbo kami. Napipikon na ako. I imagined myself shooting him with my favorite gun. Hanggang sa makauwi sa bahay ay ganoon pa rin siya.

Iniwan ko sina Axel John at Ido sa kusina ko. Umakyat naman ako sa silid ko. I took a quick shower. After that, I took my phone and called Mariella’s number. Pitong buwan na siyang hindi nagpapakita sa akin. Iniisip ko na pagkatapos ng ilang buwan ay babalik siya but up until now, wala pa rin akong balita sa kanya.

Hindi niya pa rin sinasagot ang tawag ko. Patay ang phone niya kaya tumawag ako sa numero ng landline ng bahay niya. Maswerte at sumagot ang maid nila.

“Nand’yan ba si Mariella?”

“Opo, Sir. Kararating niya lang po kagabi. Tulog pa si Ma’am.” Agad kong ibinaba ang phone at nagbihis.

Matapos iyon ay hindi na ako nagpaalam kina Axel John at Ido. Umalis na ako. Pinuntahan ko si Mariella. Pinapasok naman ako ng maid at nagtuloy ako sa silid niya.

I found her there, asleep. Yakap-yakap niya ang isang unan. I grinned. Tinabihan ko si Mariella. Hindi siya nagising kaya ang ginawa ko ay itinulak ko siya sa kama. Nahulog siya. Nakangisi naman ako.

“Shit!” she cursed. Tumayo siya agad na parang naalimpungatan lang.

“Hi, Mariella. Long time no see.”

She looked at me. Halos mamula na ang kulay ng buhok niya at nadagdagan na naman ang kanyang ear piercings.

“Gago ka! Bakit ka nasa bahay ko?”

“Hindi mo ba ako na-miss?” nagtatakang tanong ko.

“Hindi! Gago! Mamatay ka!

# Royal #2



## King David's POV

“Umalis ka dito!”

Hindi ko maintindihan kung bakit galit na galit sa akin si Mariella. Hindi naman siya ganito sa akin noon. Mawawala siya nang ilang panahon, pero babalik din siya at kapag pinuntahan ko siya, okay na kami. We would f\*ck and then things were on its place again.

“Ang pakipot mo. Hindi mo ba ako na-miss?” inis na tanong ko. Hindi pa rin ako umalis sa kama niya. Umupo lang ako at naghubad ng damit. I did miss her. Kahit paano naman ay hinahanap ko ang presensya niya. Sweet kasi si Mariella. Kapag sinabi ko sa kanya na ipagluto niya ako, kahit na dis-oras ng gabi ay babangon siya para lang gawin iyon at pakainin ako.

Sex with her was always good. She pleased me in every way that she knew she could. Be it on bed or outside the bedroom. Nainis lang ako sa kanya noong nakaraan dahil pilit niyang pinapasok ang teritoryo ni Arruba sa buhay ko. Matagal na kami sa ganitong sitwasyon at naipaliwanag ko na rin iyon sa kanya. Ang sinabi niya sa akin noon ay ayos sa kanya—na masaya

siya basta kasama niya ako at alam ko na tulad ko ay may ibang lalaki din siya.

Hindi iisang beses na nakita ko siya sa mall o sa mga restaurant na may kasamang ibang lalaki. I also knew that she's f\*cking around, so nothing was really wrong with our relationship.

“Can you get dressed and leave my house?” inis na wika niya sa akin. “I’m tired and I wanna be alone,” malamig na malamig ang tinig na dugtong niya. Nakakapagtaka ang pagtrato niya sa akin ngayon. Mariella was a bit clingy. Kapag magkasama kami ay gusto niya na palaging nakayakap sa akin. Hinahayaan ko na lang. Gusto ko naman iyong init ng katawan niya. Tumayo siya at pumasok sa bathroom. Nakasimangot na ako. Bakit ba hindi na niya ako pinapansin?

Nang muli siyang lumabas ay nakapantulog na siya. Nakataas na ang buhok niya at naglagay na siya ng cream sa ilong.

“Nasaan ba si Arruba? Bakit hindi na lang siya ang guluhin mo? Busy ako. Tatlong araw lang ako dito ’tapos babalik na ako ng Perth. Lumayas ka sa buhay ko. Hindi kita kailangan.”

Natahimik ako. Natahimik ako, hindi dahil sa pinalalayas niya ako kundi dahil kay Arruba. I sighed. Arruba was in L.A. with Judas. Inilagak siya ng huli sa isang mental institute doon. Pinagsisihan ko ang lahat.

Alam kong nagkaganoon siya nang dahil sa akin. I spoiled her. I did everything for her and yet I couldn't give her the one thing that she wanted the most and that was Azul.

Masaya na ngayon si Azul sa piling ni Leira at ng magiging anak nila. Maayos kaming dalawa pero hindi ko masasabi na magkaibigan pa rin kami. I could never talk to him like I did before, and he never looked at me like he did before. Things had changed and it changed for the worse. Nawalan ako ng tunay na kaibigan at nawala rin sa akin si Arruba.

What happened to Arruba was my fault. Ako lang ang dapat sisihin. Literal na nabaliw siya sa pag-ibig at dahil iyon sa akin.

“Oh, bakit natahimik ka? Ang alam ko may asawa na si Azul. I was invited to his wedding, Ido texted me. Nang hindi ako sumagot ay pinuntahan niya pa ako sa Perth just to ask me out pero hindi ako sumama. Ayoko kasing makita ka.”

“Ang hard mo naman!” komento ko. Ano ba ang nangyayari kay Mariella? Hindi siya ganito sa akin. Kahit na matagal na siyang nawala ay hindi naman nagbabago ang pagtingin niya sa akin. She was always the same sweet Mariella that I knew. We shared the same bed and we shared the same thoughts. I wanted that Mariella—not this.

“KD, seryoso, ayokong nandito ka. Gusto ko lang magpahinga.” Humiga siya sa kama, nagtalukbong ng kumot at saka tumalikod.

I just looked at her. Sinubukan ko siyang yakapin, pero itinulak niya ako. My mouth parted. Napilitan akong tumayo at lumabas ng silid niya. Ayoko namang umuwi, masyado pang maaga. Hindi ko alam kung saan ako pupunta kaya nagtuloy na lang ako sa kusina at kumain ng kahit ano doon. Matapos kumain ay umakyat ako sa entertainment room ni Mariella at doon ay nanood ako ng pelikula.

Kung ano-ano lang ang pinanood ko. Napansin ko na napakahilig ni Mariella sa animated movies. Naalala ko noong minsang yayain niya akong manood ng sine noong college pa lang siya. Ang pinanood namin noon ay iyong *Meet the Robinsons*; iniyakan niya iyon, pero masayang iyak daw iyon. Nahiya naman akong sumama na sa kanya dahil kapag nanonood sya ng sine, kapag may nakakaiyak ay humahagulgol talaga siya. Wala siyang pakialam sa ibang nanonood, basta siya iiyak siya kung gusto niya.

*Frozen* ang pinanood ko. Siguro ay napanood na rin ni Mariella ang pelikulang iyon. Siguro ay nagustuhan niya. Hindi ko alam. Naiinip ako sa animated movies. Inilabas ko na lang ang *iPhone* ko at tinitigan ang larawan namin ni Arruba. I missed her so much.



Sinabi ni Axel John, tanggapin ko na lang na hindi na siya kasama sa buhay ko ngayon. Hindi ko naman pwedeng itapon na lang basta ang pinagsamahan namin. Still in my mind, kasalanan ko kung bakit kinain si Arruba ng sobrang pag-ibig niya para kay Azul. I hurt her. I was the one who took care of the monster inside her and it's my fault. Walang ibang dapat sisihin kundi ako. Maswerte pa rin ako dahil hindi naman nagalit sa akin si Azul o si Judas. Kahit na alam kong kasisisi ako sa nangyari sa amin noon, hindi pa rin nila ginawa. Pinatawad pa rin nila ako.

I called Judas. Nasa L.A. na siya ngayon at binabantayan ang ate niya. Hindi niya nasagot ang tawag ko. Iniisip ko kung pupunta ako sa L.A. para dalawin si Arruba, ano kaya ang mangyayari sa amin?

Hindi ko namalayang nakatulog na ako. Nang muli akong magmulat ng mga mata ay tapos na ang pelikula. Pinatay ko ang screen at lumabas na sa entertainment room. Tiningnan ko ang relo ko; alas siete na ng gabi at nagugutom na ako. Binalikan ko si Mariella sa silid niya. Wala na siya doon kaya nagmamadaling bumaba ako ng sala. Sa kusina ay narinig ko ang boses niya.

Nakita ko siya doon, nilalantakan ang isang malaking sugpo.

“O, nandito ka pa rin? Akala ko umuwi ka na,” sabi niya na kulang sa emosyon. Napanguso ako.

“Bakit ba ang cold mo?” hindi ko matiis na hindi itanong. Nagkibit-balikat siya.

“Sugpo? Dala ni Ido.” Kumunot ang noo ko. Kanina ay naalala ko na sinabi niyang pinuntahan siya ni Ido sa Australia para ayain sa kasal ni Azul, pero hindi siya nagpunta dahil ayaw niya akong makita. Ngayon naman ay dinalhan siya ni Ido ng sugpo.

“May relasyon ba kayo?”

“We f\*ck,” kaswal na sabi niya. Nanlaki ang mga mata ko.

“Hindi ba sapat sa 'yo na may nangyayari sa atin, kailangan makipag-sex ka rin sa kaibigan ko?!”

“Bobo! I can f\*ck whoever I want. Malaya ako. Kama lang ang relasyon natin.”

Kung sabagay ay tama siya. Umiling na lang ako at tumabi sa kanya.

“Yella, pakainin mo ako.”

“Hindi pwede, may mens ako. Dede ka na lang,” sabi niya sa akin. I looked at her.

“I want food.”

“Oh, okay.” Sinubuan niya ako ng sugpo at kanin. Nagkakamay lang si Mariella, pero hindi ko na iyon alintana. Masarap sa pakiramdam ang inaalagaan, iyong ganito. Kapag sa kanya kasi, pakiramdam ko ay mahalaga ako, pakiramdam ko ay sa akin lang umiikot ang mundo niya kaya hindi ko hinahayaan na mawala sa radar ko.

“Para kang baby...” komento niya pa. “Oh, ibuka mo’ng bibig mo.” Nilagyan niya ng pagkain ang bibig ko. Gumapang naman ang kamay ko papunta sa dibdib niya. Bahagya kong pinisil iyon.

“Tumigil ka nga! Masakit ang boobs ko. May mens ako.” Ibinaba ko ang kamay ko at hinapit na lang siya sa baywang.

“Ano’ng ginawa mo sa Perth? Diba nasa Vegas ang pamilya mo?”

“Gusto ko doon, eh. Bakit ka ba nakikialam?” Tinaasan niya ako ng kilay.

“Galit ka ba sa akin?” malumanay na tanong ko. Kaunti na lang kasi talaga ay mapipikon na ako kay Mariella. Tiningnan niya lang ako pagkatapos ay ngumisi siya sa akin.

“I-date mo ako para matuwa naman ako sa ’yo. Magbibihis ako. I-date mo ako. Gusto ko sa isang mamahaling restaurant. Gusto ko ngayon.” Itinulak ako ni Mariella kaya nahulog ako sa kinauupuan ko. Napangisi lang siya.

Hindi ko alam kung ano ang trip niya ngayon, pero pumayag na lang din ako. Lumabas ako ng bahay para kunin sa kotse ko ang baon kong damit. Naligo ako, nag-ayos at nang lumabas ako mula sa bathroom ay nakita ko si Mariella na naghihintay sa sala.

She wore a red knee-length dress. Hapit na hapit

iyon sa katawan niya. Strapless iyon kaya kitang-kita ang makinis niyang balat sa balikat hanggang sa braso. Suddenly, I wanted to take her to bed and rip her clothes off, get on top of her and drive her. Lumunok ako.

“Gusto ko sa mamahaling restaurant,” demand pa niya. Tumango lang ako. Inilahad niya ang kanyang kamay sa harapan ko. “Phone.”

“Why?”

“Para akin ang atensyon mo ngayong gabi. Walang mang-iistorbo. Walang tatawag, walang kahit na ano.”

Wala akong nagawa kundi ibigay ang phone ko sa kanya. Ibinato niya iyon sa couch at saka umabrisiete sa akin. Natatawa na lang ako. Mariella was so hot. Kung hindi lang ako sanay sa relasyon na meron kami, iisipin kong mahal niya ako.

I took her to a fine dining restaurant where they served Russian cuisine. Iyon daw ang gusto niyang kainin kaya bigay hilig naman ako. Agad niyang tinira ang red wine—ang pinakamahal na red wine—na in-order ko para sa amin. Agad niyang inilabas ang isang kaha ng *Marlboro* blue mula sa purse niya.

“Yella...” pagbabawal ko. I didn’t like it when she smoked. Naninigarilyo din naman ako pero hindi tulad niya na parang pugon.

“Arte mo.” Bigla niyang itinago iyon mula sa akin. Tinungga niya ang red wine. “So, kamusta si Arruba?”

Nagkatuluyan na ba kayo?”

Ngumiti lang ako. Hindi niya nga pala alam kung ano ang nangyari sa babaeng mahal ko. Ayokong pag-usapan iyon. Ayokong masaktan. Yella was my escape to reality. Kapag kasama ko siya, hindi ko naiisip na second-best lang ako sa lahat ng bagay.

“She’s in L.A.,” matipid na sagot ko.

“Bakit wala ka doon? You should be there and you should bang her.”

“Mariella, can we not talk about Arruba?”

“Why not? She’s your favorite subject,” sagot niya.

Ibinaba ko ang menu folder na hawak ko. “Okay, now you’re just being sarcastic. Ano’ng problema mo? Matagal kang mawawala ’tapos pagbalik mo dito gigiyerahin mo ako. Barilin kaya kita? Ikaw na ang pinuntahan, ganyan pa ang tono ng pananalita mo!”

“I never asked you to come and visit me. I was busy resting. Ginulo mo ako sa kama. Gago ka! Ang gago mo! P\*tang-ina mo! Sana mamatay ka na!” Tumaas ang boses ni Mariella kaya pinagtingnan kami ng mga tao sa restaurant na iyon.

Ito ba ang plano niya? Inaya niya akong lumabas para lang ipahiya sa lahat? Inis na inis ako. Gusto kong saktan si Mariella. Wala siyang karapatang ipahiya ako.

She walked out. Napapailing na sinundan ko siya. Hindi ko maintindihan ang problema niya. Bakit ba

hindi na lang kami maging tulad ng dati na kapag pinuntahan ko siya ay okay na kami? Why was she bitching out? Sa isang dekadang relasyon namin kahit pang-kama lang ay ngayon niya lang ako ginanito. Inis na inis ako.

Natagpuan ko si Mariella sa labas ng restaurant na ginagasgasan ang sasakyan ko. Nanlaki ang mga mata ko.

“What the hell are you doing!”

Nang humarap siya sa akin ay humihikbi siya.

“It’s over, asshole. Ayoko nang maging parausan mo.” Kumunot ang noo ko. “Pagod na ako, King David. Masyado na akong maraming isinakripisyo, pinakawalan at pinamigay dahil lang sa hindi mo ako kayang mahalin.”

“Ano ba’ng sinasabi mo?” nagtataakang tanong ko. Hindi ko na siya maintindihan. Bakit may kasamang pagmamahal na ngayon? Hindi ba malinaw sa kanya ang lahat? Akala ko ay alam niya ang lagay namin. Alam niyang wala dapat pagmamahal na involved sa kung anong meron kami, pero bakit niya sinasabi sa akin ang mga ito ngayon?

“P\*tang-ina mo! Gago! Sa isang dekadang naggagaguhan tayong dalawa, hindi mo ba naisip, kahit isang segundo lang, na baka kaya ako nagpapakatanga sa ‘yo ay dahil mahal kita?”

My mouth parted.

“Walang babaeng nangarap maging parausan lang, King David. Walang babaeng may gusto na siya ang kasama mo, ako ang ikinakama mo pero pangalan ni Arruba ang sinasabi mo o isinisigaw mo! Kasi ako iyon! Ako ang katabi mo! Ako! Ako! Ako!”

Pinagsusuntok niya ako. Nanginginig ang katawan ni Mariella sa galit.

“Alam mo bang minsan sa buhay ko, ginusto kong mamatay para lang hindi ka na mahalin? But I didn’t want to die now because life has so much to offer and I want to be happy. Tinanong mo ako kung bakit ako nasa Perth, di ba? Kasi gusto kong maging malaya. Malayo sa ’yo, malaya mula sa alaala mo. Kasi ang gago ko, minahal kita kahit na binababoy at binabasura mo ako.

“I was never a part of your option in life. I’m just your bed buddy. I’m just someone you f\*ck or you run to when you’re hurt because of Arruba, and now that she’s gone, sa akin ka tumatakbo. Kapag may isang Gianna Consunji na naman na dumating sa buhay mo, wala na ulit ako.

“Pagod na ako, King David. Ayoko na. Itigil na natin ang kagaguhang sinimulan natin noong eighteen ako. Matatanda na tayo, mag-move on na tayo. Maging masaya ka sa buhay mo. Ako naman, magpapakasal kay Scott.”

Kumunot ang noo ko. Itinaas ni Mariella ang kamay niya at sa kanyang daliri, nakita ko ang isang engagement ring.

“Goodbye, King David...” she said. Tumalikod siya. Hinubad niya pa ang sapatos niya bago siya tumawid. Nakatingin lang ako sa kanya. Tumalikod na rin ako. Iniisip ko kung ano ang mararamdaman ko sa pagtatapos na ito sa buhay ko... but then I heard something that caught my attention.

I looked back and I saw Mariella crossing the street. Sa kabilang side ng daan ay may isang sasakyan na mabilis ang takbo. Tumakbo ako papunta sa kanya para hatakin siya, but then I was too late...

Mariella got hit by a car and as she fell to the ground, naestatwa ako. Nakadama ako ng takot. Duguan si Mariella at walang malay-tao....



# Royal #3

## King David's POV

Isinugod ko sa ospital si Mariella. Pulos dugo ang damit ko. Mukhang malala ang injury niya at nananalangin ako na sana ay hindi siya mapahamak. Hindi ako ganoon kasama. Pagkatapos ng mga narinig ko sa kanya ay hindi ko kayang basta na lang siya iwan. She needed me, somehow she needed me and I knew it. I knew it in my heart. Alam kong tama rin ang mga sinabi niya sa akin kanina. Manhid ako. Hindi talaga pumasok sa isipan ko na may posibilidad na mahal niya ako.

Mahal ako ni Mariella. Isang dekada pero ngayon ko lang nalaman na may pag-ibig pala siya para sa akin. I shook my head.

Hindi ako mapakali sa mga nangyayari. Ano ang gagawin ko kay Mariella?

“King David!”

I looked around and I saw my friends running toward me. Si Azul ang nangunguna, kasunod niya sina Ido at si Axel John papunta sa akin, at nang makalapit siya ay hinawakan niya ako sa balikat. Punong-puno ng

pag-aalala ang kanyang mukha.

“Ayos ka lang ba? Ano’ng nangyari sa ’yo?” Kunot na kunot ang noo niya. I just smiled.

“Hindi ako. Si Mariella.”

“P\*tang-ina! Ano na naman ang kagaguhang ginawa mo kay Mariella?” Nagulat kaming lahat nang sumigaw si Leira mula sa likuran. Hindi ko alam na kasama pala siya ng mga kaibigan ko. Irap siya nang irap sa akin. Dinaluhan naman agad siya ni Azul at inakbayan. “Ano nga? Ginago mo na naman ba siyang gago ka?”

“Commander, kalma,” usal ni Azul.

“Nasagasaan siya, hindi ako ang may kasalanan noon! Kuya, hindi ako! Ano ba iyang asawa mo, parang asawang nangangagat,” komento ko pa. Naabot ako ni Leira at binatang ako. Kinakalma na siya ni Azul ngayon. Naupo naman ako sa waiting lounge. Tinabihan ako ni Axel John at ni Ido. Nakatitig lang ako kay Ido. Nakipagpalit ako ng upuan sa aking kapatid para makatabi ko siya. Walang anu-ano ay sinuntok ko siya. Sa pisngi. Halatang nagulat naman siya.

“That’s for f\*cking Mariella,” I hissed.

“What the f\*ck, dude!” reaction naman ni Axel John.

Ido looked at us. “Walang nangyari! Naghalikan lang kami ’tapos sinukahan niya ako. Nakaka-off ng mood iyong sukahan ka kaya inalagaan ko na lang siya. Pero masarap siyang humalik. And up until now, I still want

to get to her pants.”

“What the f\*ck, dude?” ulit ni Axel John. Napailing na lang ako.

Binalingan ko si Ido at nakipagsukatan ako ng tingin sa kanya. “Hindi pwedeng galawin si Yella. Akin siya, naintindihan mo?” inis na wika ko.

Hindi ko alam kung bakit nagagalit ako kay Ido ngayon. Sa isipan ko kasi ay wala siyang karapatang tingnan si Mariella o kahit kausapin pa. Pero pinuntahan niya pa sa Perth ang babae ko para lang imbitahin sa kasal ni Azul, pagkatapos malalaman ko ngayon na naghalikan na sila? Hindi pwede! Engaged na si Mariella.

Natigagal ako. Engaged na si Mariella! She’s engaged. At sinabi niya kanina na babalik agad siya sa Perth. Siguro ay naroon ang lalaking mapapangasawa niya. Naikuyom ko ang aking mga palad. Hindi pwede ito! Hindi pwede! Basta ang alam ko, hindi pwede ang lahat ng ito.

Bigla ay may naalala ako. Alam kong sinabi na sa akin noon ni Mariella na mahal niya ako, but I was just too drunk to care.

*“Gusto kong sumayaw kasama ka—iyong parang sa Thinking Out Loud. Sweet, slow but very sincere. Pero hindi mo ako mahal kaya hindi natin magagawa ’yon...”*

Was that her subtle way of telling me she was in love with me? Natatandaan kong sinabi niya iyon sa

akin noong gabi bago kami umalis sa safehouse ni Ido. Pagbalik ko doon ay kakaiba na si Mariella sa akin. We had sex the night before I left pero pagbalik ko, wala na siyang pakialam. Was it all because I didn't react that moment?

Gusto kong magwala dahil sa pinag-iisip ko ngayon. Patingin-tingin ako sa emergency room dahil baka lumabas na ang doctor ni Mariella. Hindi talaga ako mapakali. Gusto ko na maging maayos siya. Gusto ko na maging masaya siya. Sana maayos namin ang kung anong meron kami.

Minutes turned to hours. Hindi pa rin lumalabas ang doctor. Palakad-lakad ako. Si Leira ay nakatulog na sa mga bisig ni Azul. Si Axel John ay nakasandal sa balikat ni Ido. It was so gay to look at. Napapailing ako. I missed Judas. Sa mga panahong ganito, madalas siya ang nagpapawala ng kaba ko. I wondered what's happening to Arruba now. One of these days, dadalawin ko siya sa L.A. I missed her. I wanna see her.

Napatingala ako nang maulinigan ko ang pagbukas ng pinto ng operating room. Nang tumingin ako ay nakita ko ang doctor na nagtatanggal ng face mask.

“Sino si King David Sandoval?” tanong niya. Tumayo ako. Para akong batang sasagot sa recitation nang itaas ko ang kamay ko.

“Ikaw ang contact person niya in case of emergency.

I am glad to tell you that the patient is stable. Malakas lang ang naging impact ng pagkakabangga sa kanya at naging dahilan iyon para magkaroon ng pagdurugo sa ulo niya. We did everything we could para maging maayos siya. Ngayon ay inililipat na siya sa isang private room. I am giving her twenty-four hours to wake up.”

Tango lang ang isinagot ko sa kanya. Wala naman akong ibang masabi. Ang mahalaga ay maayos na si Mariella. Sinabi ko kina Axel John na puntahan na namin siya sa silid, ngunit bago ako tumalikod ay tinawag ako ng nurse para ibigay sa akin ang mga gamit ng pasyente. She gave me Mariella’s purse and her phone, saka isang diamond ring—probably that’s her engagement ring. Inilagay ko iyon sa bulsa ko at sumunod na sa mga kaibigan ko.

We reached her room. Nakita ko si Mariella na tulog na tulog pa rin. The doctor had to shave her head para sa operasyon niya kanina. I sat beside her and took her hand. Huminga ako nang napakalalim. Paano ko siya haharapin bukas o sa oras na magising siya? Hindi ko inaasahan talaga ang lahat ng sinabi niya sa akin.

“Hoy, King David!” narinig kong tawag sa akin ni Leira. “Kapag may nangyari na namang kamalasan kay Mariella, isinusumpa ko, matutuyo lahat ng sperm cells mo!” Pinanlakihan niya ako ng mata. Tumawa lang si Azul at hinagkan ito sa pisngi.

“Mainitin talaga ang ulo ni commander.”

Hindi ko na pinansin si Leira. Binalingan ko na lang ang natutulog na si Mariella. Mayamaya ay nagpaalam na rin sa akin ang mga kaibigan ko. Naiwan akong mag-isa sa kuwartong iyon. Naghihintay akong magising ang pasyente. Kakausapin ko siya at ipapaalala ko sa kanya kung ano kami. Wala naman kaso sa akin kung ikakasal na siya, kaya lang hindi ko matanggap. Nakakaramdam ako ng galit para sa lalaking iyon—kung sinuman siya. Gusto ko siyang barilin sa bibig para hindi na siya mabuhay pa.

Kinuha ko mula sa bulsa ko ang singsing at sinipat iyon. Malaki ang bato, mukhang mamahalin. Sa loob ay naka-engrave ang pangalan ni Mariella. I sighed. Seryoso kaya siya sa pagpapakasal? Pero ayoko.

Sinuri ko naman ang phone niya. May security lock iyon. Sinubukan ko ang birthday niya bilang passcode pero hindi bumukas. Sinubukan ko ang birthday ko and... viola! Nabuksan. Dumiretso ako sa gallery niya. May hinahanap ako at hindi nagtagal ay nakita ko nga ang larawan niya at ng lalaking sa tingin ko ay pakakasalan niya. Australiano pala ang lalaki. Mukhang tipaklong. Ginger head. Hindi naman gwapo. Mas gwapo ako. Kahit ipakita ko kay Ido ang larawan na ito, sasabihin niya lang na mas gwapo pa rin si Azul.

“Yella, siya ba? Hindi naman gwapo.” I smirked.

“Does he satisfy you in bed?” inis na tanong ko. I scrolled her photos again at ang mga sumunod na litrato ang tunay na nakapagpangiti sa akin.

I saw the photo of us taken on her graduation day. Nakatoga pa siya pagkatapos ay ngiting-ngiti. Hawak ko ang diploma niya at suot ko ang medal niya. The next photo was of me, I was lying on her couch—half-naked and asleep. She edited the photo, maybe to post it on *IG*. The caption read: *The simple pleasures in life. Seeing him like this is heart-fluttering.*

I sighed again.

“I’m so sorry, Yella...” I mumbled. The next photo was of a baby. Hawak siya ng isang babae. Kamay lang ang kita. Nakatitig lang ako sa bata na tulog. Marahil ay anak iyon ng kapatid ni Mariella o ng isa sa mga kaibigan niya.

I looked at her again. Hindi ko alam kung nananaginip lang ba ako, pero nakadilat siya at nakatingin sa akin.

“Gising ka na...” wika ko. Napatayo ako para tumawag ng nurse pero nagsalita siya.

“Masakit iyong ulo ko...”

“Yes, sweetheart, tatawag tayo ng doctor, okay?” malumanay na tugon ko. Hawak niya ang kanyang noo. Pinindot ko ang intercom. Matapos iyon ay binalikan ko siya. Hinawakan ko ang kamay niya.

“Teka...” Binawi niya ang kamay niya. Mahina

lamang ang boses niya. “Sandali... doctor ka ba? Bakit tumawag ka pa ng nurse?” tanong niya. Kumunot ang noo ko.

“Mariella, ako ito.”

“Sino si Mariella? Sino ka?” Napalitan na ng takot ang mga mata niya. Nanlalaki naman ang mga mata ko. Ano ang nangyayari? My mind was racing. I need to think fast. “Sino ka?” tanong niyang muli.

“Ako... ako...”

*She's engaged and I can't let that happen. Clearly, she doesn't remember anything...*

“Ano?”

“You are Mariella Figueroa-Sandoval and I am your husband.”